Women Lead in Emergencies

Ang Pambansang Kongreso ng Kababaihan sa Kanayunan o "PKKK" ay isang pambansang koalisyon na binubuo ng 326 na lokal na organisasyon na kumikilos sa 32 probinsya sa buong Pilipinas. Ito ay naitatag noong 2003 at ang mga miyembro nito ay mga kababaihang galing sa sektor ng agrikultura, pangisdaan, mga manggagawang impormal, mga katutubo, Moro at mga settlers. Layunin ng PKKK na maitaguyod ang pagsasakapangyarihan ng mga kababaihan sa kanayunan at pagsusulong ng mga programa at adbokasiya para sa kanilang mga karapatan.

Bigyan ng OPORTUNIDAD AT ESPASYO ang MGA KABABAIHAN NA MANGUNA lalo na sa panahon ng KRISIS AT DISASTER!



Sa kasalukuyan, ang PKKK ay kasama sa proyektong **"Women Lead in Emergencies (WLiE)"**. Ito ay isang action-research project na tatagal ng siyam (9) na buwan mula Abril hanggang Disyembre 2020. Layunin nito na mabigyan ng oportunidad ang mga kababaihan na makapagpasiya para sa kanilang mga sarili at sa pagpapasiya na ito ay hinahangad na maimpluwensiyahan ang komunidad na kinabibilangan nila. Ang adbokasiyang ito ay naka-ayon sa **Rural Women's Agenda ng PKKK** dahil binibigyan nito ng diin ang halaga ng pagkakaroon ng mga kababaihan ng oportunidad at espasyo para sa usaping proteksyon laban sa karahasan lalo na sa panahon ng emergencies.

Layunin ng proyektong ito ang makipag-ugnayan sa mahigit **500 lider kababaihan at 2,000 na indibidwal sa loob ng lokal na organisasyon**. Ang PKKK ay nakikipagtulungan sa CARE sa Pilipinas para sa adbokasiyang ito. Ang CARE ay isang internasyunal na organisasyon na nagtataguyod ng emergency relief at mga pangmatagalang proyektong pangkaunlaran. Kumikilos ito sa mahigit kumulang 94 na bansa at naglalayong maibsan ang kahirapan sa buong mundo. Sa Pilipinas, ang CARE ay kumikilos simula pa noong 1949 at kilala sa pagbibigay ng tulong sa panahon ng disaster lalo na sa aspeto ng disaster response,emergency preparedness, livelihood recovery, at mga programa na may kinalaman sa integrated risk management. Sa pangkalahatan, ang Women Lead in Emergencies ay kasalukuyang kumikilos sa iba't ibang panig ng mundo tulad sa Colombia, Tonga, Uganda, at Niger.

Nasaan ang Women Lead in Emergencies sa Pilipinas?

Pambansang Kongreso ng Kababaihan sa Kanayunan (PKKK)

Camarines Sur, Biliran at Maguindanao

Philippines: Increasing the Resilience to Natural Hazards (INCREASE)

Northern Samar at Surigao del Sur

NCD-LOVE Project

Marawi City, Lanao del Sur

Limang Elemento ng Women Lead



Anim na prinsipyo ng Women Lead:

- Babayenihan
- Kababaihan ang nagdedesisyon
- Pag-iwas sa gawaing mapanganib
- Pagkilala at pag-unawa sa pinanggagalingan ng mga kababaihan
- Makabuluhang partisipasyon
- Pagbabago ng mga istruktura sa lipunan na humahadlang sa malayang pamumuno at pakikilahok

Isinalin mula sa CARE Philippines. (2020). Women Lead in Emergencies Briefer
Kuha nina Marian Ticzon at Alyssa Balite

Kara Medina
Project Coordinator
kara.medina@care.org

Celeste Barroso
Woman Lead Project Officer
celeste.barroso@care.org
0998-570-1772

Alyssa Balite
Project Officer
ruralwomencongress_ph@yahoo.com
0921-458-7734